

Maagang Pagplano Ng Pangangalaga Aking Pangangalaga, Aking Mga Kagustuhan

Kung kayo ay biglaang napinsala o nagkasakit nang malubha, sino ang makakaalam ng inyong mga kagustuhan tungkol sa pangangalagang pangkalusugan?



Ano ang maagang pagplano ng pangangalaga?

Maaaring dumating ang panahon na dahil sa inyong edad, karamdaman o aksidente ay maging mahirap para sa inyo na gumawa ng desisyon tungkol sa inyong pangangalagang pangkalusugan.

Ang maagang pagplano ng pangangalaga ay nangangahulugan ng pag-iisip at pagpili ng mga kagustuhan ngayon upang maging gabay sa inyong pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap.

Ang maagang pagplano ay maaaring mangahulugan ng:

- Pagtalakay ninyo, at ng mga malalapit sa inyo at mga pinagkakatiwalaan, sa inyong pangangalagang pangkalusugan at ng mga gugustuhin ninyo para sa kalidad ng buhay
- Pagsusulat ng inyong mga kagustuhan sa isang Statement of Choices
- Pagpili at paghirang ng inyong mga tagagawa ng desisyon sa inyong Enduring Power of Attorney
- Pagkumpleto ng inyong Advance Health Directive (Maagang Direktiba sa Kalusugan).



Bakit dapat kayong magplano nang maaga?

Upang:

- Ang paggamot at pangangalagang tatanggapin ninyo sa hinaharap ay maaayon sa inyong mga ninanais
- Ang inyong mga mahal sa buhay ay hindi gagawa ng mahihirap na mga desisyon para sa inyo nang hindi nalalaman kung ano ang talagang gugustuhin ninyo
- Ang mga desisyon para sa pangangalagang pangkalusugan na gagawin para sa inyo ay hindi mangyayari sa panahon lamang ng krisis.

Kung kayo ay may matibay na mga paniniwala tungkol sa gusto ninyong mangyari sa hinaharap, lalong mahalagang ipaalam na ngayon ang inyong mga plano at ninanais.



Paanong makagagawa ng kaibhan ang maagang pagplano ng pangangalaga

- Ito ay magbibigay ng pagkakataong pag-usapan ninyo ng inyong pamilya, mga kaibigan, at mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, ang inyong mga pinahahalagahan, mga paniniwala at mga mas gugustuhin sa paggamot.
- Ito ay tutulong sa inyong pamilya at mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na pumili ng mga opsyon sa paggamot at pangangalaga para sa inyo.
- Ito ay tutulong sa inyo na maisulat ang inyong mga ninanais tungkol sa pangkalusugan at personal na pangangalaga sa hinaharap, lalo na ang pangangalaga sa pagtatapos-ng-buhay.
- Ito ay tutulong na tiyaking ang inyong mga ninanais ay igagalang.
- Ito ay makakapagbigay ng mapayapang isipan sa inyo, sa inyong pamilya at mga kaibigan.



Ang maagang pagplano ng pangangalaga ay magagamit sa lahat ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

Madadala ninyo ang inyong mga dokumento ng maagang pagplano ng pangangalaga sa lahat ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan upang matiyak na malalaman ang inyong mga ninanais at ang mga ito ay isasaalang-alang.

Kabilang dito ang mga pampubliko at pribadong ospital, ang inyong GP at anumang iba pang mga serbisyong pangkalusugan na maaari ninyong gamitin



Handa nang magsimula?

- Pag-isipan ang tungkol sa inyong mas gugustuhing pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap, at kung sino ang maaaring makagawa ng mga desisyon para sa inyo.
- Pag-usapan ninyo ng inyong doktor ang posibleng mga sitwasyon sa pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap.
- Pag-usapan ninyo at ng inyong pamilya at mga kaibigan ang inyong mas gugustuhin sa pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap.
- Magpasya ng inyong mas gugustuhing pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap at ipaalam ito sa inyong pamilya at mga kaibigan.
- Maghirang ng isang taong pinagkakatiwalaan ninyo upang kumatawan

sa inyo kung hindi na ninyo kayang magsalita para sa inyong sarili.

Ang sumusunod na mga hakbang ay opsyonal:

- I-rekord ang inyong mga desisyon sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang Statement of Choices, Enduring Power of Attorney at/o Advance Health Directive
- Magbigay ng mga kopya ng inyong dokumento sa mga pinagkakatiwalaan ninyo (hal. kapamilya, matatalik na kaibigan), sa inyong GP at sa inyong lokal na ospital
- Magbigay ng mga kopya sa Office of Advance Care Planning upang ang mga ito ay maisama sa inyong rekord sa ospital ng Queensland Health
- Repasuhin nang regular ang inyong mga dokumento ng maagang pagplano ng pangangalaga.

I-rekord ang inyong mga ninanais. Magkumpleto ng inyong maagang pagplano ng pangangalaga ngayon.

Ang maagang pagplano ng pangangalaga ay lubusang boluntaryo. Maaari kayong magbago ng isip at ng inyong mga plano (at legal na mga dokumento) sa anumang oras habang kayo ay may kakayahan pa.

Pag-isipan ngayon. Magplano nang mas maaga. Mapayapang isipan sa malaunan.

Kahit na kayo ay malakas at malusog, hindi kailanman napakaaga upang magplano ng inyong pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap. Bilang bahagi ng inyong maagang pagplano ng pangangalaga, makukumpleto ninyo ang mga sumusunod:



Pahayag ng mga Kagustuhan

Ang dokumentong ito ay nakapokus sa inyong mga ninanais, pinahahalagahan, at mga paniniwala. Ito ay tumutulong sa mga taong malapit sa inyo na makagawa para sa inyo ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan kung hindi na ninyo kayang magdesisyon para sa inyong sarili. Ito ay nagbibigay-ginhawa sa inyo at sa inyong mga mahal sa buhay. Upang magkumpleto ang inyong Statement of Choices: makipagusap sa inyong GP, kontakin ang Office of Advance Care Planning (Opisina ng Maagang Pagplano ng Pangangalaga) o bumisita sa www.mycaremychoices.com.au.



Malawakang Kapangyarihan ng Abogado*

Ito ay isang legal na dokumento na naghihirang ng isang kapamilya o kaibigan (makahihirang kayo nang higit sa isa) upang siyang gumawa ng mahahalagang desisyon para sa inyo kapag hindi na ninyo kayang gawin ito. Ang mga form (pormularyo) ay makukuha online sa www.justice.qld.gov.au, o maaari kayong makipag-usap sa inyong abogado o sa Public Trustee (Pamublikong Tagapangasiwa).



Maagang Direktiba sa Kalusugan*

Ito ay isang legal na dokumentong nagsasaad ng inyong mga desisyon at nag-aatas ng inyong pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap sa partikular na mga sitwasyon kapag hindi na ninyo makayanang makipagkomunikasyon. Ito ay kailangang pirmahan ng inyong doktor. Ang mga form ay makukuha online sa www.justice.qld.gov.au.

Pakitandaan: Kung sangkot ang interpreter/tagapagsaling-wika sa paglalagda sa Advance Health Directive (AHD) o Enduring Power of Attorney (EPOA) na dokumento, siya dapat ay:

- Kuwalipikadong interpreter/tagapagsaling-wika na nakarehistro sa National Accreditation Authority for Translators and Interpreters
- Kumumpleto ng Interpreter's/Translator's Statement Form (Ang mga form ay makukuha online sa www.justice.qld.gov.au).



Ipabatid ang inyong mga ninanais sa inyong doktor, pamilya, mga kaibigan, at sa mga malalapit sa inyo

Maaaring maging mahirap pag-usapan kung ano ang mangyayari kung kayo ay magkakasakit, ngunit magbibigay ito sa inyo at sa inyong mga mahal sa buhay ng mapayapang isipan sa pagkakaalam na igagalang ang inyong mga ninanais.

Naririto kami upang tumulong. Kami ay maaaring:

- Magpadala sa inyo ng isang pakete ng impormasyon
- Sumagot sa inyong mga tanong sa pamamagitan ng telepono
- Magsabi sa inyo kung sino ang maaari ninyong kausapin sa inyong lokal na lugar tungkol sa maagang pagplano ng pangangalaga
- Magdagdag ng inyong mga dokumento ng maagang pagplano ng pangangalaga sa inyong rekord* sa ospital ng Queensland Health*.

Maraming tao ang nakakatuklas na ang maagang pagplano ng pangangalaga ay mas madaling gawin kaysa sa ipinalagay nila. Ito ay nagbibigay sa kanila ng mapayapang isipan.

* Kung nais ninyo na ang inyong mga dokumento ng maagang pagplano ng pangangalaga ay mailagay sa MyHealthRecord, kayo lamang, bilang may-ari ng rekord, ang makakapag-upload ng mga ito sa www.myhealthrecord.gov.au.



Kontakin kami

Office of Advance Care Planning

☎ 1300 007 227


📠 1300 008 227

✉ PO Box 2274 Runcorn Qld 4113

@ acp@health.qld.gov.au

🌐 www.mycaremychoices.com.au

Tandaang ipadala sa amin ang kopya ng inyong mga dokumento ng maagang pagplano ng pangangalaga.



May magagamit na serbisyo ng interpreter sa oras ng trabaho para sa impormasyon at resources tungkol sa maagang pagpapalano ng pangangalaga sa Queensland:

- Tumawag sa 13 14 50
- Isaad ang wikang sinasalita
- Magpakonekta sa Tanggapan ng ACP sa 1300 007 227.

